Republic of the Philippines
Department of Education
Region X – Northern Mindanao
DIVISION OF TANGUB CITY
Anecito Siete Street, Mantic, Tangub City
e-mail: tangub.city@deped.gov.ph / website: www.depedtangub.net
Telephone (088)545-0304 Telefax: (088) 395-3372

RECEIVED
8-7-18

Ika – 7 ng Marso 2018

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 60 S. 2018

TANGUB REWARDS: INTERPRETATIBONG PAGBASA SA IKA – 9 NA BAITANG NG JUNIOR HIGH SCHOOL

Para sa: Pangalawang Lingkod Tagapamanihala ng Sangay
Pinuno ng CID at SGOD
Mga Tagamasid Pansangay sa Lahat ng Asignatura
Mga Punong Guro sa Mataas na Paaralang Junior
Mga Guro sa Asignaturang Filipino - 9
Pampubliko at Pampribadong Paaralang Sekundarya
Sangay ng Tangub

1. Sa layuning maiangat pa ang kahusayan sa kasanayan ng pagbasa at pagsasalita, ang Malikhaing Pagbasa sa Filipino ng Tangub Rewards sa pamamagitan ng **Interpretatibong Pagbasa** sa ika – 9 na baitang ay isa sa mga inaasahang tugon.

2. Ang pansangay na ebalwasyon ay gagawin sa darating na ika - 13 hanggang 16 ng Marso 2018 sa lahat ng Matataas na Paaralang Junior, Sangay ng Tangub.

3. Ang lupon ng mga hukom ay ang sumusunod:
Gng. Relita P. Decina – EPS – I Filipino
Gng. Susan C. Libonfacil - ESP - I
Gng. Neldie A. Malabosa – ESP – I
Gng. Titchie Nee F. Roloma – ESP - I
Gng. Ritchel B. Ongcol - ESHT III
G. Junnifer G. Gutang – ESHT II – Kalihim

4. Ang mga Panuntunan at Pamantayan para sa nabanggit na paligsahan ay makikita at mababasa sa Enklosyur Bilang 1.

5. Daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito para sa kinauukulan ay lubos na inaasahan.

JEAN G. VELOSO
Assistant Schools Division Superintendent
OIC – Schools Division Superintendent

JGB/rpd/03-07-18

Enklosyur Bilang: 1

INTERPRETATIBONG PAGBASA

(Pagbibigay Interpretasyon sa Wastong Pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang Pagbasa ng Tula)

Patnubay sa Paglahok

A. Kalahok:

4 na mga batang nabibilang sa ika – 9 na baitang sa bawat seksyon ang tatawagin at opisyal na kalahok sa patimpalak.

B. Panuntunan:

- Ang piyesa ay ibibigay sa araw ng paligsahan
- Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay interpretasyon ng bawat kalahok
- Bibigyan ng sampung (10) minuto ang bawat kalahok upang pag – aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon
- Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod – sunod ng babasahing mga akda
- Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag – aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng sampung minuto; susundin ang paraang ito hanggang sa huling kalahok
- Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririning ang pagtatanghal ng iba pang kalahok samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag – aralan ang piyesang babasahin
- Dapat na ang interpretasyon ay nakaangkop sa genreng nakasulat sa piyesa
- Ang kasuotan ng mga kalahok ay ang natatanging "school uniform".
- Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama na ang pagpasok at paglabas ng mga kalahok
- Walang anumang "props" o kagamitan, background music o instrumento na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok
- Iikot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib

C. Pamantayan:

- Katapatan – 40%
  Pagpapalutang ng diwa - 20%
  Pagbibigay diin sa damdamin -20%

- Hikayat – 20%
  Pang – akit sa madla - 5%
  Pagbibigay buhay sa tauhan - 5%
  Tindig - 5%
  Kumpas/Kilos - 5%

- Bigkas – 20%
  Matatas at maliwanag - 10%
  May pagbubukod – bukod ng mga salita - 5%
  May wastong diin at intonasyon -5%

- Tinig – 20%
  Lakas - 5%
  Taginting - 5%
  Kaangkupan ng diwa at damdamin - 10%